

PAHAYAG TUNGKOL SA IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakunang Tdap

(Tetano, Dipterya at Tuspirina)

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming mga Pahayag tungkol sa Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis.

1 Bakit kailangan magpabakuna?

Ang **tetano**, **dipterya** at **tuspirina** ay maaaring maging mga napakalalang sakit, kahit sa mga kabataan at mga matatanda. Mapoprotektahan tayo laban sa mga sakit na ito ng bakunang Tdap.

Ang **TETANO** (Paninigas ng Panga) ay nagiging sanhi ng masakit na paninikip at paninigas ng kalamnan, karaniwan sa buong katawan.

- Maaari itong humantong sa paninigas ng mga kalamnan sa ulo at sa leeg kung kaya't hindi mo maibuka ang iyong bibig, makalulon, o minsan kahit na ang makahinga. Ang tetano ay pumapatay sa 1 sa 5 taong nalalinalin.

Ang **DIPTERYA** ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng makapal na pagbabalot sa likod ng lalamunan.

- Maaari itong maging sanhi ng mga problema sa paghinga, pagkaparalisa, paghina ng puso, at pagkamatay.

Ang **TUSPIRINA** (Ubong-dalahit) ay nagdudulot ng matinding mga pag-ubo, na maaaring maging sanhi ng hirap sa paghinga, pagsusuka at balisang pagtulog.

- Maaari din itong magdulot ng pagbaba ng timbang, kawalan ng pagpipigil sa pag-ihi at pagdumi, at mga pagkabali ng tadyang. Hanggang 2 sa 100 na kabataan at 5 sa 100 na matatanda na may pertussis ang naospital o may mga komplikasyon, na maaaring kasama ang pulmonya o pagkamatay.

Ang mga sakit na ito ay sanhi ng bakterya. Ang dipterya at tuspirina ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa isa sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahin. Ang tetano ay pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng mga hiwa, galos o sugat.

Bago ang mga pagbabakuna, mayroong halos 200,000 na mga kaso bawat taon ng dipterya at tuspirina, at daang-daang kaso ng tetano sa Estados Unidos. Mula ng magsimula ang pagbabakuna, ang tetano at dipterya ay bumaba nang halos 99% at ang tuspirina nang halos 80%.

2 Bakunang Tdap

Ang bakunang Tdap ay maaaring protektahan ang mga kabataan at mga matatanda mula sa tetano, dipterya, at tuspirina. Ang isang dosis ng Tdap ay karaniwang ibinibigay sa gulang na 11 o 12. Ang mga taong hindi kumuha ng Tdap sa edad na iyon ay dapat na kumuha sa lalong madaling panahon.

Ang Tdap ay partikular na mahalaga para sa mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan at sa kung sinuman na may malapitang pakikipag-ugnayan sa sanggol na 12 buwan pababa.

Ang mga babaeng buntis ay dapat na kumuha ng dosis ng Tdap sa pagbubuntis, upang maprotektahan ang mga bagong silang mula sa tuspirina. Ang mga bagong panganak na sanggol ang higit sa lahat na nasa peligro nang mga malalang, nakakamatay na mga komplikasyon mula sa tuspirina.

Isang kaparehong bakuna na tinatawag na Td ang pumuprotekta mula sa tetano at dipterya, subalit hindi sa tuspirina. Ang Td booster ay dapat na ibigay kada 10 taon. Ang Tdap ay maaaring ibigay bilang isa sa mga booster kung hindi ka pa nabibigyan ng dosis. Ang Tdap ay maaari ring ibigay matapos ang malalang hiwa o pagkapaso upang maiwasan ang impeksyong tetano.

Ang iyong doktor ay makakapagbigay sa iyo ng dagdag na impormasyon.

Ang Tdap ay ligtas na maibibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

3 Ang ilang tao ay hindi dapat bigyan ng bakunang ito

- Kung ikaw ay nagkaroon ng agaw-buhay na reaksyon ng alerhiya matapos mabigyan ng dosis ng bakuna na may alinman sa tetano, dipterya, o tuspirina, O kung nagkaroon ka ng malalang alerhiya sa anumang bahagi ng bakunang ito, hindi ka dapat bigyan ng Tdap. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang malalang mga alerhiya.
- Kung ikaw ay na-coma, o mahaba o maraming mga pangingsay sa loob ng 7 araw matapos ang pambatang dosis ng DTP o DTaP, hindi ka dapat bigyan ng Tdap, maliban na lamang kung may ibang dahilan maliban sa bakuna ang natagpuan. Maaari ka pa ring bigyan ng Td.
- Kausapin ang iyong doktor kung ikaw ay:
 - may epilepsya o iba pang mga problema sa nervous system
 - may malalang pananakit o pamamaga matapos na mabigyan ng anumang bakuna na may dipterya, tetano o pertussis,
 - nagkaroon ng Guillain-Barré Syndrome (GBS),
 - masama ang pakiramdam sa araw ng nakatakdang pagtuturok.



4 Mga peligro sa reaksyon ng bakuna

Sa anumang gamot, kabilang na ang mga bakuna, ay maaaring magkakaroon ng mga side effect. Ang mga ito ay kadalasang hindi malala at nawawala nang kusa, subalit ang mga malalang reaksyon ay posible rin.

Ang maikling **pagkawala ng malay** ay maaaring sumunod sa pagbabakuna, na maaaring maging sanhi ng pagkapinsala mula sa pagbagsak. Ang pag-upo o paghiga ng 15 minuto ay makakatulong na maiwasan ito. Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay nahihilo o nalulula, o may pagbabago sa paningin o pagkuliling sa mga tenga.

Mga hindi malalang problema matapos ang Tdap

- Pananakit kung saan tinurukan (3 sa bawat 4 na kabataan o 2 sa bawat 3 na matatanda)
- Pamumula o pamamaga kung saan tinurukan (1 katao sa bawat 5)
- Sinat na hindi bababa sa 100.4°F (hanggang 1 sa bawat 25 na kabataan o 1 sa bawat 100 na matatanda)
- Pananakit ng ulo (3 o 4 na katao sa bawat 10)
- Kapagalan (1 katao sa bawat 3 o 4)
- Pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae, pananakit ng tiyan (1 sa bawat 4 na kabataan o 1 sa bawat 10 na matatanda)
- Pagkaginaw, pananakit ng katawan, pananakit ng kasu-kasuan, pamamantal, pamamaga ng mga glandula (hindi karaniwan)

Katamtamang mga problema matapos ang Tdap

- Pananakit kung saan tinurukan (1 sa bawat 5 na kabataan o 1 sa bawat 100 na matatanda)
- Pamumula o pamamaga kung saan tinurukan (hanggang sa 1 sa bawat 16 na kabataan o 1 sa bawat 25 na matatanda)
- Lagnat na mahigit sa 102°F (1 sa bawat 100 na kabataan o 1 sa bawat 250 na matatanda)
- Pananakit ng ulo (3 sa bawat 20 na kabataan o 1 sa bawat 10 na matatanda)
- Pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae, pananakit ng tiyan (hanggang 1 o 3 katao sa bawat 100)
- Pamamaga ng buong braso kung saan tinurukan (hanggang 3 sa bawat 100)

Malalang mga problema matapos ang Tdap

- Pamamaga, malalang pananakit, pagdurugo at pamumula sa braso kung saan tinurukan (madalang).

Isang **malalang reaksyon ng alerhiya** ang maaaring maganap matapos ang anumang pagbabakuna (humigit-kumulang na mas mababa sa 1 sa bawat isang milyong dosis).

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon so Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.

DCH-1281T

AUTH: P.H.S., Act 42, Sect. 2126.

5 Paano kung may malalang reaksyon?

Ano ang dapat kong tingnan?

- Maghanap ng anuman na nagpapabalisa sa iyo, gaya ng mga tanda ng matinding reaksyon ng alerhiya, sobrang taas na lagnat, o pagbabago sa asal.

Kabilang sa mga tanda ng malalang reaksyon ng alerhiya ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay magsisimula ilang minuto hanggang sa ilang oras matapos ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin mo ito ay isang matinding reaksyon ng alerhiya o iba pang emerhensiya na hindi na makakapag-antay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang inyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksyon ay dapat na iulat sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Ang iyong doktor ay maaaring magsampa ng ulat na ito, o maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pahina ng web ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

6 Ang Pambansang Programa para sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna

Ang Pambansang Programa para sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna (Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang programang pederal na binuo upang bayaran ang mga tao na maaaring napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala ng bakuna ay makakakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng habol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382**, o pagbisita sa pahina ng web ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

7 Paano ako matututo nang higit pa?

- Magtanong sa iyong doktor.
- Tumawag sa inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan. **1-888-767-4687**
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
 - Bumisita sa pahina ng web ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement (Interim) Tdap Vaccine

5/9/2013

Tagalog

Office Use Only



42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health